**Programs for Infants and Children, Inc.**
**161 Klevin Street Suite 103**
**Anchorage, AK 99508-1508**

# Mga Madalas na katanungans ukol sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA)

***IPINALILIWANAG SA PAGPAPAHAYAG NA ITO KUNG PAANO ANG IMPORMASYONG MEDIKAL NG INYONG ANAK AY MAAARING MAGAMIT AT IPAALAM AT KUNG PAANO NINYO MAKUKUHA ANG IMPORMASYON ITO. MANGYARI LAMANG NA REPASUHIN ITO NANG MABUTI.***

Nauunawaan namin na ang impormasyon aming nakolekta tungkol sa inyong anak at sa kanyang kalusugan ay personal. Isa sa aming pinakamahalagang tungkulin ay ang panatilihing pribado ang inyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Kami ay may pangakong poprotektahan namin ang inyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan at sundin ang lahat ng mga batas tungkol sa paggamit nito. Kayo ay may Karapatang kausapin ang aming tauhan upang malaman kung paano ibinabahagi ang inyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ipinahahayag ng batas na:

1. Dapat naming ingatan ang impormasyon sa inyong pangangalagang pangkalusugan sa ibang tao na wala namang pangangailangan sa impormasyon.
2. Maaari ninyong ipakiusap sa amin na huwag ibahagi ang tanging impormation sa iba. Maaaring may mga panahon na hindi ito posible.

**Sino ang makakakita at magbabahagi sa aking impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan?**
Lahat ng mga tauhan ng ahensya sa Programa para sa mga Sanggol at Bata ay may kakayahang makita ang inyong impormasyon ng pangangalagang pangkalusugan upang matukoy ang planong pangangalaga sa inyong anak. Nirerepaso namin ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak at ang mga bayarin, upang makatiyak na kayo ay makakuha ng may kalidad na pangangalaga at lahat ng mga batas ay nasusunod ukol sa pagbibigay at pagbabayad para sa inyong pangangalagang pangkalusugan.

**Ito ba ay may anumang kinalaman sa kung paano gagawin ang pagbabayad?**
Ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak ay maaaring ibahagi sa insurance, Medicaid, Tricare, o iba pang mga tagabayad para sa kalusugang pangangalaga.

**Makikita ko ba ang impormasyon ng pangangalagang pangkalusugan ng aking anak?**
Karaniwan, kayo ay may kakayahang makita o malaman ang inyong impormasyon sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Maaaring may mga legal na kadahilanan o mga pag-alalang pangkaligtasan kaya maaaring limitahan ang dami ng impormasyon na maaari ninyong makita. Maaari kayong sumulat ng kahilingan na bigyan kayo ng kopya ng inyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari ka naming singilin ng kaunting halaga pambayad sa pagkopya.

Kung naniniwala kayong ang ilan sa mga impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ay mali, maaari kayong sumulat at hilinging iwasto namin ito o may dapat kaming idagdag. Maaari rin ninyong hilingin na ang mga impormasyong iwinasto ay ipadala sa iba na dati nang nakatanggap ng impormasyon. Maaari rin kayong humingi ng listahan kung saan ipinadala ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak.

**Paano kung ang aking impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ay kailangang ipadala sa kung saan?**
Maaari ninyong hilingin na ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak ay ipadala sa iba. Pakikiusapan kayong pumirma sa isang [authorization form], na nagbibigay pahintulot na ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak ay ipadadala sa ibang ahensya. Ang [authorization form ] na ito ang siyang magpapaalam sa amin kung ano, saan at kanino ipapadala ang impormasyon .Maaari ninyong itigil o bawasan ang dami ng impormasyon na ipadadala anumang oras ngunit dapat na ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pagsulat.

**(FAQ's Regarding the Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) continued *on back)***

**Maaari bang ipaalam ang aking impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan kahit wala akong pahintulot?**

Sumusunod kami sa mga batas na nagsasabi sa amin kung kailan dapat ibahagi ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kahit hindi ninyo pirmahan ang [authorization form]/pormularyong nagpapahintulot. Lagi naming ipinahahayag:

1. Mga nakakahawang sakit, mga depekto sa kapanganakan at kanser;
2. Mga pinsala na baril ang kadahilanan at iba pang trauma;
3. Mga epekto sa /problema sa gamot o may sirang kagamitang medikal;
4. Sa kapulisan, kung kinakailangan ng batas;
5. Kung ipinag-uutos ng hukuman sa amin;
6. Sa pamahalaan, upang repasuhin kung paano gumagana ang aming mga programa ;
7. Sa mga kumpanya ng insurance o sa mga ikatlong partidong taga-bayad;
8. Sa [Worker's Compensation]/kabayaran ng manggagawa para sa pinsalang may kinalaman sa trabaho ;
9. Impormasyon sa kapanganakan, kamatayan, o pagbabakuna;
10. Sa pamahalaang pederal, kung sila ay nagsisiyasat ng isang bagay para protektahan ang ating bansa, pangulo, o iba pang mga manggagawa ng pamahalaan
11. Abuso, kapabayaan, at karahasang pantahanan, kung may kaugnayan sa proteksyon ng bata o ng mga nasa hustong gulang na mahina.

Maaari rin naming ibahagi ang impormasyon para sa mga may pahintulot na pananaliksik, para sa mga bagay na patungkol sa pagbibigay ng bahagi ng katawan, o mapanganib na mga pagbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.

Ang pagpapahayag na ito ay inyo para itabi at maaaring humingi ng isa pang kopya anumang oras. Kung may mga mahahalagang pagbabago, makakakuha kayo ng bagong kopya sa loob ng animnapung (60) araw simula nang magkaroon ng mga pagbabago.

Kung kayo ay may mga katanungan o sa pakiramdam ninyo na nilabag ang inyong mga karapatang pampribado, makipag-ugnayan sa aming ahensya anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa (907) 561-8060.

Kung kayo ay may mga pag-alala, makipag-ugnayan sa Alaska Early Intervention/Infant Learning Program Office. Tingnan ang pangkasalukuyang impormasyon sa kung sino ang kokontakin para sa AK EI/ILP office sa web address na ito: http://hss.state.ak.us/ocs/InfantLearning/contacts.htm

Ang inyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi maaapektohan ng anumang pagtatanong na isinagawa tungkol sa inyong mga Karapatan sa pagkapribado.